# CALAMBALITA

Vol. 3 No. 001

February 11, 2019 Bilang 22


## BILANG NG MGA BOTANTE 2019


Narito ang bilang ng mga botante para sa nalalapit na Midterm National at Local Elections sa May 13.

| NO. | BARANGAY | REGISTERED VOTERS |
|---|---|---|
| 1 | BARANGAY 1 | 5948 |
| 2 | BARANGAY 2 | 5619 |
| 3 | BARANGAY 3 | 3696 |
| 4 | BARANGAY 4 | 2813 |
| 5 | BARANGAY 5 | 4481 |
| 6 | BARANGAY 6 | 2375 |
| 7 | BARANGAY 7 | 2169 |
| 8 | BAGONG KALSADA | 2560 |
| 9 | BAÑADERO | 5243 |
| 10 | BANLIC | 9611 |
| 11 | BARANDAL | 5554 |
| 12 | BATINO | 1403 |
| 13 | BUBUYAN | 1475 |
| 14 | BUCAL | 7217 |
| 15 | BUNGGO | 2835 |
| 16 | BUROL | 1657 |
| 17 | CAMALIGAN | 1055 |
| 18 | CANLUBANG | 38016 |
| 19 | HALANG | 5885 |
| 20 | HORNALAN | 1237 |
| 21 | KAY-ANLOG | 8950 |
| 22 | LA MESA | 9370 |
| 23 | LAGUERTA | 2116 |
| 24 | LAWA | 5884 |
| 25 | LECHERIA | 6004 |
| 26 | LINGGA | 4239 |
| 27 | LOOC | 12445 |
| 28 | MABATO | 588 |
| 29 | MAJADA LABAS | 4088 |
| 30 | MAKILING | 6802 |
| 31 | MAPAGONG | 4428 |
| 32 | MASILI | 2426 |
| 33 | MAUNONG | 2074 |
| 34 | MAYAPA | 18482 |
| 35 | MILAGROSA (TULO) | 4349 |
| 36 | PACIANO RIZAL | 10145 |
| 37 | PALINGON | 4492 |
| 38 | PALO-ALTO | 8339 |
| 39 | PANSOL | 7111 |
| 40 | PARIAN | 15478 |
| 41 | PRINZA | 3034 |
| 42 | PUNTA | 3319 |
| 43 | PUTINGLUPA | 1538 |
| 44 | REAL | 11079 |
| 45 | SAIMSIM | 3934 |
| 46 | SAMPIRUHAN | 6820 |
| 47 | SAN CRISTOBAL | 7048 |
| 48 | SAN JOSE | 3224 |
| 49 | SAN JUAN | 3225 |
| 50 | SIRANGLUPA | 6760 |
| 51 | SUCOL | 3728 |
| 52 | TURBINA | 5232 |
| 53 | ULANGO | 741 |
| 54 | UWISAN | 1749 |

## SUMMARY

| | |
|---|---|
| Total No. of BARANGAY | 54 |
| Total No. of Registered Voter's | 310,090 |
| Total No. of Established Precincts | 1,701 |
| Total No. of Clustered Precincts | 355 |
| Total No. of Polling Places | 58 |

*Source : COMELEC CALAMBA*




## APLAYA

*by: Orly San Diego*

Hirap at dusa dinanas mo oh Aplaya
Sa mga dayuhan sayo ay nagnasa
Bayani mong magigiting
Paglaya ang daing
Dugo at buhay ang inalay
Sa paglaya mong tunay

Chorus:
Ika'y aking Aplaya
Tigib ng pag-asa't kaunlaran
Tunay kang pinagpala
Sagisag ka ng husay at kabaitan

Sa harap nitong mga pagsubok
Sagisag ka ng katapangan
Aking Aplya paglaya mo'y kaunlaran
Dumanas ng kahirapan
Palingon, Lingga't Sampiruhan
Kalayaan mo'y ipinaglaban
Sa mga dayuhang mapaglinlang
Taas noo sa buong mundo
Malayang Calambeño
Husay, galing at talino
Sa Diyos dalangin ko

***Ulitin ang Chorus***




# TAKBO NGAYONG VALENTINES!!

Bilang pakikiisa sa nalalapit na Araw ng mga Puso, ang Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamumuno ni Mayor Justin Marc SB. Chipeco sa pamamagitan ng Cultural Affairs, Tourism and Sports Development Department ang nanguna sa isang buddy fun run na tinawag na "Love Run" na ginanap noong 9 Pebrero 2019, Sabado sa Dr. Jose Rizal Plaza. Ang nasabing okasyon ay nilahukan ng humigit-kumulang sa 500 parehas na mananakbo (lalaki-babae, babae-babae,lalaki-lalaki) na naninirahan, nag-aaral o nagtatrabaho sa lungsod ng Calamba. Sinimulan ito sa ganap na 5:30 ng umaga. Narito ang mga papremyong ipinamahagi para sa mga sumusunod na kategorya: para sa 2Km- 1st prize – Php 3,000; 2nd prize – Php 2,500 at 3rd prize – Php 2,000; para sa 4Km – 1st prize – Php 4,000; 2nd prize – Php 3,000 at 3rd prize – Php 2,000; para naman sa 6Km – 1st prize – Php 5,000; 2nd prize – 3,500 at 3rd prize – Php 2,000.

Ang Calamba Water District (CWD) ang siyang naging primary sponsor ng nasabing okasyon. *(Ver Tanciangco/Cecil Canillas)*












## GAD AT ITS FINEST

Like a sun lofting its grace in the horizon, the Gender and Development (GAD) in Calamba has been on its peek of embarking the level of sensitivity on gender issues and concerns that might need to address in the future.

For the past years, our kindhearted Mayor Justin Marc SB. Chipeco together with the legislative and different departments formulated a flavorful trainings, seminars and projects to help the people uplift their way of living.

Through step by step procedure, our good Mayor wanted to create projects and programs that'll not only change the status of people but will also change their perspective about life.

With five (5) percent budget allotted to GAD, projects were wisely introduced to the recipients/beneficiaries depending on their needs.

Also, Sensitivity Enhancement Training was conducted to become gender responsive and knowledgeable on the ways people think about gender as well as their mutual understanding and respect of each other's roles and responsibilities. In this kind of training, more projects/ programs had been conceptualized which result to a productive outcomes.

But is this enough? Does it already integrate to a gender perspective to the content of different policies? Does it observe the inequalities between men and women at all times and in all areas?

Questions that stretched the brain cells into curiosity to explore in a river of GAD corner!

For fresher updates, don't miss to visit GAD on the Spot! *(Jes Macasinag)*




## GAD GEARS UP PREP FOR CELEBRATION OF WOMEN'S MONTH

CALAMBA CITY, FEBRUARY 11 – The Gender and Development Office together with the Executive Committee Council conducted a meeting last January 14, 2019 to prepare activities for the upcoming celebration OF Women's Month to be held on the first week of March.

With the theme adopted from the previous year, "We Make Change Work for Women", the members of the GAD staff (Ms. Jasmin P. Siman, Neriah T. Erasga and Marylou G. Tabligan) discussed the content of the activity 'Job Makes Change (JMC)': Search for the Best Business Plan Ideas for Women with the striking hashtag (#NegosyongJustinCredible) to uplift the economic status of marginalized women in Calamba and the Entrepreneurship to develop the skills and creativity of the youth in meeting the needs of the target beneficiaries.

The main goal of the said activity is to empower the ten (10) women in Calamba ready to take on or be a part of the business to become socially and economically equipped and competitive.

Through information dissemination, the participants for business proposals will come from different colleges and universities in Calamba who will receive a corresponding prize for the outstanding business ideas.

The selection of recipients will come from the employees of City Hall under marginalized sector with a salary grade of 4& 6.

Moreover, the chosen recipients will undergo a series of trainings and seminars to educate them in financial management. The determined participants who can finish the series of trainings will become recipients of the business.

Mr. Leonardo Opulencia, Head of City Livelihood and Development Department advised during the meeting that the potential recipients must have an interest in business they're going to venture.

Ms. Celina D. Manabat, Head of Social City Services Department mentioned that department/s who have an activity/ies on Women's Month can submit their proposal for consolidation.

This type of business will be monitored by GAD staff within (5) years to get a result-based output.

Other matter including: the possible seminars for GAD, strategic planning for 2020-2025, and resolution of unplanned budget amounting to Php 10,000,000.00 were also discussed during the meeting. *(J. Macasinag)*

# HSD, NAGPAALALA SA PAG-AAPLAY NG PERMIT PARA SA RENOVATION

Lingid sa kaalaman ng marami, maging ang mga ipapagawang home extension at renovation ay kailangan ring i-apply ng Building Permit 220 (BP220) para sa mga klasipikadong low-cost housing, mahigpit na pagpapaalala ng Housing and Settlements Department (HSD).

Masigasig na hinihimok ng HSD ang mga nagpapatayo, nagpapa-renovate o nagpapa-extend ng bahay na nasasakop nito na mag-apply ng BP220 upang malaman kung pasado at nakahanay ito sa mga pamantayang nakatalaga sa P.D. 1096 na mas kilala bilang National Building Code ng Pilipinas para masigurong ligtas at matibay ang kalidad ng paggawa nito.

Ang paalalang ito ay kaugnay ng mga nasisitang ilegal na istruktura ng City Task Force Against New Illegal Structures sa ilalim ng HSD na regular na nagmo-monitor sa iba't ibang mga subdibisyon at barangay sa lungsod ng Calamba upang i-report ang mga nagpapagawang walang pemit mula sa Pamahalaang Lungsod lalo na sa mga danger zones rito. Kalimitan sa nagiging dahilan ng mga nasisita ay ang kawalan ng kaalaman sa proseso nito at ang pag-aakalang ang mga maliliit na extension ay hindi na kinakailangan pang ikuha ng BP220.

Mahalagang malaman na bilang resulta, sinumang lalabag sa mga patakarang itinakda ay hindi makakapagpakabit ng kuryente sa MERALCO na sa HSD rin muna kailangang idaan ang apply hanggang hindi nila naitatama ang kanilang violation. Kabilang rin sa pagtatamang ito ang pagbabayad ng multa kung maiisyuhan ng Notice of Violation.

Para sa kaalaman ng lahat, ilan sa mga halimbawa ng simpleng planong home extension na kinakailangang i-apply ng BP220 ay ang mga sumusunod:

- Pagpapa-slab ng yerong bubong
- Pagpapagawa ng garahe
- Pagpapalagay ng second floor
- Pagpapa-extension sa gilid o likod ng bahay
- Pagpapabubong ng garahe o terrace

Naririto naman ang mga inisyal na standard requirement sa pag-aapply ng BP220 para sa anumang klaseng home extension:

Plano ng ipinapagawa (5 sets)

Proof of ownership (TCT, Deed of Sale o katulad na dokumento)

Barangay clearance para sa Building Permit

Tandaan na ang mga requirement na ito ay maaaring madagdagan pa depende sa liit o laki at uri ng gagawing home extension kaya naman mahalaga para sa sinumang may ganitong balak na magtungo sa tanggapan ng HSD upang maisangguning lubos ang mga plano, mga requirement at pagpoproseso nito.

Ang tanggapan ng HSD ay matatagpuan sa Lower Ground Level ng Calamba City Hall. *(Nona Marielle R. Reyes)*

# PROGRAMA NG CITY VET OFFICE MAS PINAIGTING

Tuloy –tuloy ang ginagawang pagkakapon at pagbabakuna sa mga alagang aso at pusa sa iba't-ibang barangay sa Calamba sa pamamagitan ng City Veterinary Services and Slaughterhouse Management Department, upang maiwasan ang di mapigilang pagdami ng mga pagala-galang mga aso at pusa sa lansangan .

Mas pinaigting ang programang ito ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamumuno ni Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco , Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal at Sangguniang Panlungsod upang makamit ang mithi na maging "Rabies Free Calamba"

Nananawagan ang nasabing tanggapan sa mga pet owners ng lungsod na makiisa sa kanilang mga programs and activities tulad ng orientation sa pagiging responsible pet owner, pagkakapon at pagbabakuna sa mga alagang aso at pusa , deworming , check up at treatment at iba pang health services na may kaugnayan sa paghahayupan.

Sa darating na Marso muling ipagdiriwang ang Rabies Awareness Month na may temang "Barangay Kaagapay , Laban Sa Rabies Tagumpay." Aabisuhan ang bawat barangay ukol sa schedule ng Anti-Rabies Vaccination.

Kung meron mga katanungan maaari po kayong makipag-ugnayan sa tanggapan ng City 545-6789 loc. 8003-8004. Bukas rin ang kanilang tanggapan para sa mga walk in gayundin sa Veterinary Extension Office Mercado de Calamba. *(Marivic D. Balba)*











# WORLD LEPROSY DAY 2019










Noong nakaraang January 25, 2019 ay idinaos ng City Health Office ang pagunita ng WORLD LEPROSY DAY sa Pabahay Banlic Calamba Laguna sa pangunguna ni Dr.Dennis Labro, CHO Department Head, Myrla, Pailan, Nurse Leprosy Coordinator at ang Health Education and Promotion Officer na si Bang Jañega kasama ang DOH Laguna Leprosy Coordinator, Mam Marilou Jamih katulong ang mga Barangay Health Workers ng Banlic Calamba Health Station.

Humigit-kumilang na sikwenta katao ang nabigyan ng pamahid (ointments) at gamot sa ibat-ibang klase ng sakit sa Balat.

Ang WORLD LEPROSY DAY ay ginuginita upang iangat ang kaalaman ng mga tao sa sakit na Leprosy (Hansen's Disease) o Ketong, upang malaman nila kung paano ito maiiwasan. – *HEPO*

# MIGRANTS DAY 2019

Isang masayang pagdiriwang ang ginanap na 4th International Migrants Day, noong Feb. 6, 2019 sa Conference Hall ng City Hall ng Calamba, na may temang "Kaalaman sa Pera, Magandang Buhay ang Dala". Dinaluhan ng mahigit isang daang Overseas Filipino Workers and Families, Iba't ibang ahensiya ng gobyerno tulad ng Philippine Overseas Employment Agency sa pangunguna ni Ms. Karen Quilao at Mr Lawrence Angeles ng Overseas Workers Welfare Administration , na nagbigay ng kani-kaniyang mensahe ukol sa kanilang programa na maaaring ipagkaloob sa bawat lumalapit sa kanilang tanggapan. Nagbigay naman ng training na maaring pagsimulan ng negosyo ang City Cooperative and Livelihood Development office. Isang seminar ukol sa Financial Literacy ang pinangunahan ng PESO Sta. Cruz, Laguna sa pamumuno ni Ms. Mary Jane Corcuera na kung saan tinuruan ang mga dumalo kung paano mag-impok, mag tipid at mag invest. Ang IIPESO sa pamamaha ni Ms. Noemi E. Talatala, Department Head, ay lubos na nagpapasalamat sa mga dumalo, sa COFWA at sa mga Government officials tulad nila Gov. Ramil L. Hernandez, Bokal Ruth Hernandez, Mayor Justin Marc SB. Chipeco, Vice Mayor Roseller H. Rizal, Coun. Eddie Catindig, Coun. Dyan Esperidion, Coun. Cha Hernandez, Coun. Saturnino J. Lajara, Coun. Joselito Lazaro, Coun. Johnny Lazaro, Coun. Doreen Cabrera, Kuya Joey Chipeco at Chow Atienza, na naging dahilan ng maging isang makulay na padiriwang. *(Celia Realubit)*











# BABUYANG WALANG AMOY, PROGRAMA NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG CALAMBA

Isasakatuparan ngayong ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pangunguna ni Mayor Justin Marc "Timmy"Chipeco sa pamamagitan ng Cooperative and Livelihood Development Department na pinamunuan ni G. Leonardo Opulencia ang programang Babuyang Walang Amoy.Sinanay kamakailan ang ilang mga recepient mula sa ibat-ibang barangay ng Calamba na makikinabang sa nasabing proyekto. Tinuruan sila ni Dr.Fred Palatao isang Veterenarian mula sa Feedpro na isang manufacturing company ng natural na pakain sa baboy.

Dahil nga sa dumarami ang mga sakit ngayon, layon ng Pamahalaang Lungsod na maging conscious na ang mga Calambenyo sa mga kinakain. Isang paraan para maihatid ang masustansiya at mainam na uri ng pagkain ang mga natural na paraan ang pag –aalaga ng hayop lalo na sa alagang baboy.


Malaki ang kalamangan ng mga nag-aalaga ng baboy sa natural na paraan dahil mas matipid kung gamit ang mga natural na sangkap ng pagkain at mas malusog at ligtas kainin na karne.

Ayun pa kay Dr.Palato, makakamit ang babuyang walang amoy, ligtas at natural na karne sa pamamagitan ng tamang feed formulation na pinapakain dito,tamang pabahay at pag-aalaga.Isang halimbawa ito sa pagtalima sa R.A.10611 o |Food safety Law of 2003 na mas kilala bilang An act strenthening the food safety regulatory system in the country to protect the consumer health and facilitate market access of local foods and food products and for other purposes.

Ayun pa ka Dr.Palatao na zero Food and Mouth Disease (FMD)ang bansa ngayon at ligtas din sa African Swine Flu.

*( Jose G. Busayong)*











# MAY 2019 ELECTIONS
## *Calendar of Activities*
### CITY OF CALAMBA

## MAY 13, 2019 MONDAY — ELECTION DAY

| LIQUOR BAN | CAMPAIGN BAN | GUN BAN |
|---|---|---|
| May 12 - May 13 2019 | May 12 - May 13 2019 | January 13 - June 12 2019 |

| DATE | ACTIVITIES |
|---|---|
| Feb. 12, 2019 - May 11, 2019 | Campaign period for Senators and party-list groups |
| March 30, 2019 - May 11, 2019 | Campaign period for members of the House of Representatives, regional, provincial, city, and municipal officials |
| June 12, 2019 | Deadline for filing of Statement of Contributions and Expenditures (SOCE) |

**IIPESO CALAMBA**
Information, Investment Promotions & Employment Services Office



# City of Calamba DIRECTORY 545-6789

**OFFICE | LOCAL NO.**

**MAYORS OFFICE 8307 / 8306**
545-7887 FAX 8305 MO EXT 8225
**OSCA** 576-4963 **SECTORAL** 8213

## ATTY. JUSTIN MARC SB. CHIPECO
CITY MAYOR

## HON. ROSELLER H. RIZAL
CITY VICE MAYOR

**VMO** 8310 **VMO Extension** 8315 **VMO Staff** 8311

| | | | |
|---|---|---|---|
| SANGGUNIANG PANLUNGSOD | 8240 | HON. PEEWEE PEREZ | 8321 |
| HON. EDGARDO CATINDIG | 8322 | HON. ANGELITO LAZARO | 8317 |
| HON. MOISES MORALES | 8318 | HON. DYAN ESPIRIDION | 8324 |
| HON. SATURNINO LAJARA | 8319 | HON. JOHNNY LAZARO | 8320 |
| HON. MARIA VIRGINIA ALCASID | 8325 | HON. SANTIAGO ATIENZA | 8323 |
| HON. CHARISSE ANNE HERNANDEZ | 8326 | HON. LARRY DIMAYUGA | 8316 |

**ACCOUNTING** 8202 / 8203 / 8204
**ADMIN** 8303
**AGRI** 8001 / 8002
**ASSESSOR** 8107 / 8108 / 8109
**BPTFO** 8100 / 8101 / 8102 / 8104
**BUDGET** 8205 / 8206
**BUILDING** 8030 / 8031
**CENRO** 8217 / 8218
**COOP** 8018 / 8019
**CPDO** 8208 / 8209 / 8210
**CSSD** (DSWD) 8226 / 8120
**ENGINEERING** 8211 / 8212 / 8214
**GSO** 8008 / 8007 / 8006/8207/8200
**HEALTH** 8015 / 8016
**HOUSING** 8020 / 8021
**HRMO** 8219 / 8220
**IIPESO** 8011 / 8012 / 8014
**ICT** 8005
**LEGAL** 8221 / 8222

**POPULATION** 8329
**POSO** 8024 /8025/ 8026
**REGISTRY** 8115 / 8116 / 8117
**TOURISM** 8331 / 8332
**TREASURY** 8110 / 8111 / 8112 / 8114
**VET** 8003 / 8004

**PNP** 8702 / 8700 / 8701
**BFP** 8601 / 8600
**CCC** (049) 545-0160/545-0555/502-0677
**CMDC** 306-0112 / 545-4384
**COA** 8215 / 8216
**COMELEC** 8017
**DepEd** 545-7331 / 545-5797 / 502-2520
**DILG** 8223 / 8224
**LANDBANK** 545-0177
545-0176 (CASHCARD)
**WATER DISTRICT**
545-1614 / 545-2863 / 545-2728 / 545-7895

Pasko Calamba
kalan+banga ©denCepeda


# CALAMBALITA
## EDITORIAL BOARD

**NOEMI E. TALATALA**
*Editor - In - Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Features Editor*

**MOISES ALCASABAS**
*Managing Editor*


*Staff Writers:*
**RETCHIE PELIPADA, ANALIZA CERVANTES, JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN INFORMATION OFFICER NETWORK**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
*Lay-out Artist*


**RIKATHRINA "Kat" C. LANZANAS**
*Graphics Designer*

**MONTE OPULENCIA / DENNIS CEPEDA**
*Photographer*


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/





https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba



https://www.facebook.com/Cciolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/







